# Sentenaryo ng Kilusang Manggagawa



**Dante L. Ambrosio**

Hindi maaaring ihiwalay ang pagdiriwang ng sentenaryo ng kilusang manggagawa sa mga naganap sa kapuluan isandaang taon na ang nakaraan. Una, ang mismong mga salik at puwersang nagluwal sa mga kilusang reporma at kilusang rebolusyunaryo noong mga huling dekada ng siglo 19 ang siya nga ring nagluwal at nagpabilis sa paglitaw ng kuerpo ng mga manggagawa at ng kanilang kilusan nang mga panahong ito. Ikalawa, nasa kasagsagan mismo ng rebolusyonaryong pagkilos ang mga manggagawa na nag-ambag sa pagtatatag at pagpapalakas ng Katipunan, gayundin sa paglulunsad at pagsusulong ng Rebolusyong 1896. Ikatlo, kahit sa panahong tinanggap na ng mga pangunahing lider ng pag-aalsa ang pananakop ng Estados Unidos, nagpatuloy ang mga manggagawa sa kanilang pakikibaka kabilang ang pagbubuo ng sarili nilang organisasyon, paglulunsad ng kilusang welga at pagsusulong ng kilusang makabayan sa pamamagitan ng pagpoprotesta, pagpapalabas ng mga makabayang dula at iba pang gawaing pangteatro at pakikipag-ugnayan kundi man pakikipagtulungan sa kilusang gerilya.

Ang mga ito ang lalong nagpatingkad sa kahalagahan ng sentenaryo ng kilusang manggagawa. Kung hindi man naging sentro ng pagdiriwang ng mga sentenaryo ang Rebolusyong 1896, magagawa marahil ng kilusang manggagawa na higit itong patampukin sa proseso ng pagdiriwang ng ika-100 kaarawan nito kasama ang iba pang mamamayan ng bansa.

ЖЖЖ

ABOT SA RUROK ANG PAGDIRIWANG NG MGA SENTENARYO SA IKA-100 anibersaryo ng deklarasyon ng kalayaan sa Hunyo 12, 1998. Pagkatapos nito, may ilan pang sentenaryong ipagdiriwang: ang sentenaryo ng Kongreso ng Malolos sa Setyembre 1998, ang sentenaryo ng Unang Republika sa Enero 1999 at ang sentenaryo ng Digmaang Pilipino-Amerikano sa Pebrero 1999.

Sa panahong ito ng mga sentenaryo, makabubuti sa kilusang manggagawa na balikan ang kasaysayan at igayak ang sarili sa pagdiriwang. Darating din ang sariling sentenaryo nito sa 2002, apat na taon mula ngayon. Mainam na sambutin ng kilusan ang pagkakataon para balik-aralan ang nakaraang 100 taon at itanong: Naisakatuparan ba ang layunin ng himagsikan at ng kilusan na ipagtanggol ang kapakanan ng mga api at aba sa lipunan?

Mahigpit na kaugnay ng mga naganap sa kapuluan ang pagkabuo ng kilusang manggagawa. Una, ang mismong mga salik at puwersang nagluwal sa mga kilusang reporma at kilusang rebolusyonaryo noong mga huling dekada ng siglo 19 ang siya ring nagpabilis sa paglitaw ng mga manggagawa at ng kanilang kilusan. Ikalawa, nasa kasagsagan mismo ng rebolusyonaryong pagkilos ang mga manggagawa na nag-ambag sa pagtatatag at pagpapalakas ng Katipunan, gayundin sa paglulunsad at pagsusulong ng himagsikan. Ikatlo, kahit sa panahong tinanggap na ng mga pangunahing lider ng pag-aalsa ang pananakop ng Estados Unidos, nagpatuloy ang mga manggagawa sa pakikibaka tungo sa pagbubuo ng sarili nilang organisasyon, paglulunsad ng kilusang welga at pagsusulong ng kilusang makabayan sa pamamagitan ng mga kilos-protesta, mga makabayang dula at pakikipag-ugnayan kundi man pakikipagtulungan sa kilusang gerilya.

Matapos itong mabuo, sa kabila ng panunupil at panghahati ng mga katunggali nito, nagpatuloy ang kilusang manggagawa sa pag-aambag sa kilusang mapagpalaya at pagsusulong ng kapakanan ng mga manggagawa. Sa bawat mahahalang yugto sa kasaysayan ng bansa, nandoroon ang kilusang manggagawa para mag-ambag ng ganang kanya.

Pinatitingkad ng mga pangyayaring ito ang kahalagahan ng sentenaryo ng kilusang manggagawa. Nabuo at lumakas ito sa gitna ng makabayang pagpupunyagi ng mga Pilipino na lumaya sa dayuhang pananakop. Nabuo at lumakas ito halos kasabay ng mas malawak na proseso ng pagbubuo ng bansa.

## PAG-USBONG NG MGA MANGGAGAWA AT PAGLAWAK NG KANILANG KAMALAYAN

Sa kalakhan, ang mga puwersang nagluwal sa kilusang reporma at kilusang rebolusyonaryo ang siya ring mga puwersang nagbigay-daan sa pagdami ng mga manggagawa, mga kasama, mga sakada at mga migranteng trabahador. Sa malaking bahagi, ang mga prosesong ito ay produkto ng mga pagbabagong pang-ekonomiya sa ikalawang hati ng kolonyalismong Espanyol laluna noong ika-19 na siglo. Noon iniugnay ng Espanya ang Pilipinas sa lumalaganap na pandaigdigang sistemang kapitalista bilang tagasuplay ng mga hilaw na materyal sa anyo ng mga pananim panluwas gaya ng tabako, kopra, asukal, abaka at indigo.[1] Binuksan ang Pilipinas sa kalakalan at ugnayang pandaigdig na sa ngayon ay tataguriang simula ng "globalisasyon". Pumasok ang mga kumpanyang dayuhan, gayundin ang mga bagong ideya mula sa labas ng bansa laluna mula sa Europa. Pinaunlad ang mga impraistruktura gaya ng mga daungan, kalye, riles ng tren, pagbabarko, telegrapya, komunikasyon at transportasyon na lalong nagpabilis ng ugnayan sa pagitan ng mga rehiyon at ng mga mamamayan. Nagtayo ng mga baradero, pabrika, imprenta at asukarera. Lumitaw ang mga asyenda o plantasyon na nagbunga ng bagong relasyong pang-ekonomiya sa lupa.

Pinadami ng mga bagong pabrika at impraistruktura ang bilang ng mga manggagawa gaya ng mga trabahador sa mga baradero, ng mga cigarrera at tabakero sa mga pabrika ng tabako, ng mga kargador at estibador sa mga daungan, ng mga impresor at litograpo sa mga imprenta at ng mga manggagawa sa perokaril. Dumagsa naman ng mga asyenda ang mga kasama, sakada at migranteng manggagawa na nawalan ng lupa at naakit na magtrabaho sa mga asyenda o maghanap ng ikabubuhay sa lunsod at sa labas ng bansa.

Kung lumawak ang kaalaman ng mga ilustrado bunga ng pag-aaral nila sa mga paaralan sa mga probinsya, Maynila at Europa, lumawak din ang kaalaman ng ibang mamamayan mula sa hanay ng anakpawis bunga ng pakikipag-ugnayan sa mga ilustrado, sa mga dayuhang negosyante, sa mga asendero at sa isa't isa. Lumitaw ang mga gawain, aktibidad, impraistruktura, institusyon at iba pang mga pagkakataon para sa karampatang ugnayan at sa paglawak ng kaalaman ng iba't ibang sektor ng mamamayan. Sa madaling saiita, maraming mamamayang nakapag-aral at di nakapag-aral ang nabigyan ng pagkakataon para makalampas sa dating pagkakakupot nila sa maliit na saklaw ng kanilang lugar, sektor at grupong etnikong kinapanganakan para magagap ang mas malawak na ideya ng bayan at bansa. Sa hanay nila nagmula ang mga tagapagtaguyod ng reporma at rebolusyon.

Halimbawa, sa mga arrabal sa paligid ng Intramuros laluna sa Tundo at Binondo nagtagpo ang mga mamamayan mula sa iba't ibang lalawigan. Habang ang mga ilustrado ay nagpapanagpo rito bunga ng kanilang pag-aaral at negosyo, dito rin nagkasama-sama ang mga anakpawis bunga ng kanilang pagtatrabaho. Dito mismong nag-ipon ng puwersa ang Katipunan na siyang nag-ugnay sa mga manggagawa, propesyonal at iba pang mga di nakapag-aral at nag-aaral. Mahalaga ang pagtatagpong ito ng mga tao mula sa iba't ibang sektor at probinsya hindi lamang sa paglawak ng kamalayan kundi pati na sa paglawak ng Katipunan at ng himagsikan sa ibang bahagi ng arkipelago.[2]

Lumitaw sa hanay ng mga ilustrado ang paghahangad ng pagbabagong pampulitika bunga ng kanilang pagyaman, ng mataas nilang edukasyon, ng tumataas na pagpapahalaga nila sa sarili, at ng pag-angat ng kanilang prestihiyong panlipunan habang walang nagaganap na katumbas na pag-angat ng kanilang pampulitikang katayuan. Lumitaw naman sa hanay ng mga anakpawis ang paghahangad ng pagbabagong panlipunan bunga ng mga kasawian at kaapihang dinanas sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol at ng pagkamulat sa pangangailangang ihanda ang kalooban sa mas malalaki pang pagbabagong magaganap.Para sa hangaring ito, nagbuo at lumahok ang mga ilustrado sa masoneriya at sa iba't ibang samahan para sa pagbabago. Nagbuo at lumahok naman ang mga manggagawa sa mga samahang abuluyan/tulungan at mga gremio at ang mga magsasaka sa mga samahang pambukid at sa kilusang milenaryo kundi man sila nagremontado o nanulisan. Malinaw na halimbawa ng paghahangad ng pagbabago sa hanay ng mga ilustrado ang usapin ng Pilipinisasyon sa loob ng simbahan, ang kilusang reporma at ang kilusang propaganda. Sa hanay ng anakpawis, maihahalimbawa ang kilusang Apolinario de la Cruz na bahagi ng kilusang milenaryo, ang pagwewelga ng mga manggagawa sa mga baradero at imprenta at ang paglaganap ng mga remontado at tulisan.

Hindi esklusibo sa bawat grupo ang pagkilos at ang mga epekto ng ganitong mga pagkilos. Nagtatagusan ang mga ito sa isa't isa. Tumagos ang pag-aalsa ng mga manggagawa at sundalo ng Cavite noong 1872 sa hanay ng mga ilustrado at repormista nang isangkot ng mga Kastila ang huli sa pag-aalsa. Bukod sa tatlong paring Gomez, Burgos at Zamora, maraming repormistang ilustrado ang pinatay, ikinulong, ipinatapon at kinumpiskahan ng ari-arian ng mga Kastila. Nagpapaalala ito nang naganap na pagsupil sa kilusan ni Apolinario de la Cruz sa Tayabas noong 1843 na umabot din sa pusod mismo ng Maynila.

Nang buuin ni Andres Bonifacio ang Katipunan noong Hulyo 1892, mga unang kasapi nito ang mga estudyante, eskribano, trabahador, at magsasaka ng Tundo, Binondo, Kalookan at mga arrabal sa paligid ng Intramuros. Mula 1893 hanggang 1896, lumawak ito at sinaklaw ang mga probinsiya sa paligid ng Maynila gayundin ang ilang pangunahing miyembro ng mga repormistang ilustrado. Nang lumaganap ang himagsikan, malawakang lumahok at nangibabaw ang mga ilustrado sa liderato ng rebolusyon. Hindi maikakaila, gayunman, na sa simula't simula binuo ang Katipunan ng mga anakpawis at mga anakpawis din, kabilang ang mga manggagawa, ang nagpasimula at nagsulong ng himagsikan.

## PAGSISIMULA NG KILUSANG MANGGAGAWA AT PAGLAHOK SA REBOLUSYONARYONG KILUSAN

Mga samahang abuluyan/tulungan ang mga unang organisasyong binuo ng mga manggagawa. Kinabibilangan ito ng mga samahan sa partikular na gawain at lugar gaya nang umiiral na noong dekada 1870 - *Gremio de Escultores del Barrio Sta. Cruz, Gremio de Obreros de Sampaloc, Gremio de Litografos at Gremio de Carpinteros. Mayroon ding Gremio de Telegrafos at Gremio de Plateros.*

Karaniwan ngang mga samahan ito ng pagtutulungan ng mga kasapi - kabilang ang pag-aalaga ng may sakit at tulungan sa paglilibing. Kung tutuusin, mayroon ding ganitong katangian ang Katipunan nang una itong buuin. Kaugnay ng pagkadiskubre sa Katipunan, ikinuwento ni Aguedo del Rosario kung paano inalagaan at ginastusan ng samahan ang isang kasaping may sakit na tuberkulosis. Bunga ng maramihang pagpaparoo't parito ng mga nag-aalaga at bumibisita sa maysakit sa bahay nito sa Bankusay, Tondo, pinaghinalaan tuloy ito ng mga awtoridad.[3]

Medyo salat pa ang mga ulat ukol sa mga welga at protesta ng mga unang manggagawa bagaman may ilan nang karaniwang binabanggit. Ilang buwan makaraang bitayin ang tatlong paring Gomez,

Burgos at Zamora bunga ng Pag-aalsang Cavite, sabay-sabay na di pumasok sa trabaho ang mahigit 1,800 manggagawa ng arsenal noong Setyembre 2, 1872. Bagaman may imbestigasyong ginawa, walang naiulat ukol sa aksyon pati na sa kahilingan ng mga manggagawa.[4]

Sa taon ding ito nagwelga ang impresores ng San Fernando, Pampanga laban sa pang-aabuso ng Kastilang kapatas. Nakuha ng mga manggagawa ang ibang kahilingan nila ngunit hindi nasisante o nasuspindi ang porman. Noong 1894 naman, pinamunuan nina Felipe Mendoza, Melanio de Jesus at Hermogenes Buenaventura ang welga ng impresores sa imprenta ng isang Aleman laban sa pagmaltrato sa isa nilang kasamahan.[5]

Nang mga panahong ito, patuloy naman ang pag-oorganisa ng Katipunan sa hanay ng mga anakpawis at iba pang maykaya sa mga arrabal ng Maynila at sa mga kalapit na probinsiya. Binuo ni Procopio Bonifacio ang Tanglao, isang seksyon ng sangguniang Laong Laan ng Dulumbayan, sa hanay ng mga trabahador sa perokaril na kinabibilangan ng *conduktores* at *lampisteros*.[6]

Isa sa mga pinakaaktibong Katipunero ang mga manggagawa sa imprenta ng *El Diario de Manila* kung saan nagtatrabaho si del Rosario, isa sa naging kasangguni ng Kataastaasang Sanggunian ng Katipunan. Sa paggawa ng unang isyu ng *Kalayaan*, pahayagan ng Katipunan, malaki ang naitulong ng mga taga-*El Diario*. Nag-ambag ng mga kulang na letra o tipo sina del Rosario, Apolonio de la Cruz at iba pang mga trabahador ng *El Diario* kay Emilio Jacinto para mabuo ang pahayagan. Isa ring manggagawa ng imprenta, si Ulpiano Fernandez ng pahayagang *El Comercio*, ang tumulong sa pag-aayos at pag-imprenta ng unang isyu ng *Kalayaan*.[7]

Mangyari pang di dapat kalimutang manggagawa rin ng *El Diario de Manila* si Teodoro Patiño, ang nagkanulo sa Katipunan. Matapos ang pag-aaway nila ni de la Cruz ukol sa umento, ipinagtapat niya sa mga Kastila ang pag-iral ng Katipunan sa imprenta ng *El Diario*. Dito

nakuha ang papeles at gamit ng Katipunan na nagbunga ng pagkaaresto at pagpatay sa maraming Katipunero ng *El Diario* kabilang si de la Cruz mismo.[8]

Madalas nang maikuwento ang ambag ng tatlong migranteng trabahador na nagngangalang del Castillo, Iban at Dalidad sa pagkakaroon ng imprenta ng Katipunan na siyang ginamit sa paglalabas ng *Kalayaan*. Mula sa napanalunan sa loterya sa Australia noong sila'y naninisid pa rito ng perlas, nag-ambag sina del Castillo at Iban ng halagang ipinambili ng imprenta. Nag-abuloy din si Dalida ng Aklan para mabili ang imprenta. Bandang Marso 1897, pinangunahan ng tatlong Katipunerong ito ang unang pag-aalsa sa Aklan laban sa mga Kastila. Napatay sa labanan si del Castillo, samantalang napabilang sina Iban at Dalida sa unang 19 na martir ng Aklan na pinatay ng mga Kastila.[9]

Sa labanan sa Sta. Mesa sa pagsisimula ng himagsikan noong Agosto 29-30, 1896, isang grupo ng mga manggagawa ng lubid sa pamumuno ng may-aring si Sancho Valenzuela ang aktibong lumahok sa pag-aalsa.. Bukod sa mga nasawi sa Pinaglabanan, San Juan, sa hanay nila nagmula ang mga unang martir sa pakikibaka ng Katipunan sa pangunguna ni Valenzuela mismo na binaril ng mga Kastila noong Setyembre 4, 1896.

Sa pag-uugnayan ng mga rebolusyonaryo, malaki ang nagawa ng mga tripulante ng mga barkong nagpaparoo't parito sa Maynila at sa mga isla ng Pilipinas. Ang ilang tripulanteng kasapi ng Katipunan ang nagsilbing tagadala ng mensahe sa pagitan ng mga rebolusyonaryo ng Luson at Bisaya. Halimbawa, tumulong ang makinista ng barkong "Bohol", si Anastacio Oclarino, sa pagpapalaganap ng ideya ng Katipunan. Sa pamamagitan ng barko, nakarating si Oclarino sa Cebu. Tumulong siya sa pagbubuo ng Katipunan sa Cebu sa atas nina Hermogenes Plata at Gil Domingo ng Binondo. Kinontak niya si Mariano Hernandez, opereytor ng abaca press ng *Smith, Bell and Co.*

sa Cebu para magbuo ng gobyerno rito noong 1898. Hindi natuloy ang plano nang hulihin at patayin ng mga Kastila ang mga pangunahing lider ng Katipunan ng Cebu noong Abril 2, 1898. Kinabukasan pinangunahan nina Pantaleon Villegas (Leon Kilat) at Luis Flores ang pag-aalsang tinawag na Tres de Abril.[10]

Si Oclarino rin ang kumontak sa ilang mga taga-Surigao para maghanda sa pag-aalsa nang humimpil ang "Bohol" sa probinsiya. Sa Butuan, Agusan ang makinista ng barkong "Surigao" ang nagsilbi namang tagapag-ugnay.[11] Samantala, narekluta ni Hen. Vicente Lukban si Ildefonso Moreno ng Daet noong Nobyembre 1897 sa pamamagitan naman ng mga tripulante ng barkong "Taal". Si Moreno ang nagbuo ng Katipunan sa Camarines Norte at naglunsad ng pag-aalsa rito noong Abril 1898. Nabigo ang pag-aalsa at napatay sa labanan si Moreno.[12] Samantala, makinista naman ng barkong "San Pedro" ang sinasabing nag-engganyo sa mga manggagawa ng baradero ng Panlatuan, Pilar, Sorsogon para mag-alsa noong Agosto 5-8, 1898. Nasupil ito, gayunman, ng mga puwersang Kastila.[13]

Interesanteng banggitin na si Pantaleon Villegas (Leon Kilat), tulad nina Del Castillo at IBan, ay migranteng manggagawa rin. Ipinanganak at nagsaka siya sa Bacong, Negros Oriental bago nagpalipat-lipat ng trabaho hanggang sa makarating siya sa Cebu at Maynila. Sa Cebu naging trabahador siya sa abaca press ng MacLeod and Co., at mensahero ng Singer and Co. Pinasok niya ang iba't ibang trabaho pati na ang pagiging sirkero kung saan siya nakilala bilang Leon Kilat. Diumano'y nakarating siya ng Maynila kung saan inatasan siya ng mga lider rebolusyonaryo na mag-organisa sa Cebu.[14]

Gaya sa anumang rebolusyon at pakikibakang kinapalooban ng mga mamamayan, ang mga karaniwang tao ang siyang nagkakanlong, nagpapakain, nag-aalaga at tumitiyak ng kapanatagan ng mga mandirigma. Sa mga arrabal ng Maynila hanggang sa mga probinsiya, ganito ang ginawang serbisyo ng mga karaniwang mamamayan sa rebolusyon.

Bahagi ng paghihimagsik at pangkalahatang paglaban ang pagpoprotesta ng mga manggagawa kahit kinapapalooban lamang ito sa unang tingin ng sariling mga kahilingan. Ganito ang katangian ng kanilang mga pagpoprotesta at pagwewelga kahit sa ilalim na ng pamahalaang Aguinaldo o pamahalaang Amerikano, noong napatalsik na ang mga Espanyol at mga Pilipino at Amerikano na ang naglalaban. Sa isang banda, manipestasyon ito ng paglahok nila sa pagpapahina ng paghahari ng kalaban - sadya man o hindi. Manipestasyon din ito ng pagsisikap nilang makihati sa mga benepisyong nakamit ng mga naghihimagsik mula sa pangkalahatang pakikipaglaban. Ganito ang maaaring pagtingin sa mga welgang naganap sa ilalim ng pamahalaang Aguinaldo at ng pamahalaang Amerikano.[15]

Mula sa mga panawagan nina Hen. Emilio Aguinaldo at Ambrosio Flores, gobernador ng Maynila, noong Setyembre at Oktubre 1898, malinaw ang sunud-sunod na mga welgang inilunsad ng mga manggagawa. Pangunahin dito ang welga ng mga manggagawa ng Manila-Dagupan Railway na humihingi ng dagdag na suweldo sa dayuhang may-ari ng kumpanya. Sabi ni Flores sa kanyang pahayag:

> Ngayon mga operatiba ng pabrika sa tabako ng *La Insular*; sa susunod mga katulong naman sa bahay; pagkatapos, mga kundoktor naman ng tren; muli, ang mga operatiba naman ng perokaril at ng isa o iba pang pribadong kumpanya o establisimyento ang patuloy na tumitigil sa pagtatrabaho sa kung anumang dahilan o pakunwaring dahilan; at sa huli pati na mga magbabaka ay hindi na nagpapadala ng kanilang hayop sa mga matadero, o ng karne sa mga palengke, kung kaya naghihirap ang komunidad sa pagkawala ng pangunahing pangangailangang ito, tatanggi naman ang mga may-ari ng tindahan na magbayad ng buwis na lahat ay nagsasabing pinapatawan sila ng napakatataas na taripa.[16]

Di gaya ni Hen. Antonio Luna na kinilala at pinanigan ang mga welgista ng kanyang pahayagang *La Independencia* noong Pebrero 1899, hindi sinang-ayunan nina Aguinaldo at Flores ang mga welgang

naganap. Manapa, inatasan nila ang mga pinunong rebolusyonaryo na gumawa ng paraan para matigil ang mga welga. Hindi nila nakita ang mga ito bilang bahagi ng pangkalahatang pakikipaglaban sa mga Amerikano at pagkuha ng anumang makukuhang benepisyo mula sa gayong pakikipaglaban.

## Pagbubuo at Paglakas ng Kilusang Manggagawa

Sa huling dekada ng ikalabingsiyam na siglo, kinatawan ng mga manggagawa ng imprenta ang pinakaaktibong kuerpo ng mga mangggagawa kung pag-oorganisa at pagkilos ang pag-uusapan. Sila ang nagtatag ng mga welga sa panahong ito at sila rin ang mga unang bumuo ng unyon at pederasyon ng mga manggagawa. Noong Disyembre 30, 1901 anibersaryo ng pagpatay kay Jose Rizal, binuo ang *Union de Impresores de Filipinas* (UIF) na nagkonsolida sa maraming samahan ng impresores. Isang buwan makaraan, noong Pebrero 2, 1902, binuo ang Union Democratica de Litografos, Impresores, Encuadernadores y Otros Obreros na nagbuklod sa mga manggagawa sa imprenta at sa iba't ibang gawain. Ito ang naging *Union Obrera Democratica* (UOD) - ang unang pederasyon ng mga manggagawa sa Pilipinas.

Nasa kasagsagan ng mga protesta at welga ang UOD mula sa pagkatatag nito laluna iyong ginawa ng mga manggagawa sa imprenta simula Abril 1902. Kung tutuusin, ang mga welgang isinagawa ay lehitimo. Sa ganitong kaparaanan lamang malinaw na maipadarama ng mga manggagawa ang matagal nang dapat nilang kamtin mula sa pangasiwaan. Matagumpay ang mga welga na naghatid sa mga manggagawa ng umentong 25% sa kanilang sahod. Naging inspirasyon ito sa ibang manggagawa kaya bumugso ang iba pang welga sa iba't ibang larangan ng gawain noong Hunyo-Hulyo 1902. Nagpatuloy pa ito noong Hulyo-Agosto 1902 nang tumampok ang sunud-sunod at malawakang welga ng mga manggagawa sa pabrika ng tabako. Sinikap ng UOD at ng presidente nitong si Isabelo de los Reyes na maging maayos ang mga welga ngunit sinupil pa rin ng mga Amerikano ang

pederasyon sa pamamagitan ng paghuli at pagkulong kay de los Reyes. Noong Setyembre 1902, pinalitan ni Dr. Dominador Gomez si de los Reyes bilang presidente ng UOD. Sa pagpalit ni Gomez, napagpasiyahan ding baguhin ang pangalan ng UOD, na naging *Union Obrera Democratica de Filipinas* (UODF).[17]

Sa pagitan ng 1902 at 1903, mabilis na lumaganap ang UODF. Nag-organisa ang mga manggagawa batay sa gawain (barbero, kusinero, gumagawa ng mga karuwahe, gumagawa ng mga sombrero, artista sa sarsuwela); sa komunidad (Binondo, San Nicolas, Sta. Cruz, Paco); at samahang kababaihan. May labing-anim na komite rin ang binuo sa mga kalapit na probinsiya - Bulakan, Cavite, Rizal, Tayabas, Laguna, Tarlac.[18]

Kahit sinupil ng mga Amerikano ang mga gawain ni de los Reyes, hindi ito nakapigil kay Gomez para ituloy ang paglahok ng kilusang manggagawa sa mga usaping pampulitika. Sa kanyang pamumuno, nasangkot ang kilusang manggagawa sa pulitika at gawaing makabayan: muling binuo ni Gomez ang Partido Nacionalista noong Disyembre 1902; naging lunsaran ng mga makabayang sarsuwela ang mga gawaing manggagawa laluna iyong may kaugnayan sa mga welga; nasangkot kundi man tuwirang naugnay ang kilusang manggagawa sa kilusang gerilya na nag-aalimpuyo pa rin noon sa mga kalapit-probinsiya ng Maynila.

Bukod kina de los Reyes at Gomez, kagyat ang ugnay ng UOD at UODF sa kilusang makabayan sa pamamagitan ng kanilang mga lider. Ang mga pangunahing lider nito, de los Reyes, Gomez, Herminigildo Cruz, Felipe Mendoza at Melanio de Jesus, ay nagkaroon ng ugnay sa makabayang diwa ng himagsikan. Kilala na si de los Reyes sa kanyang maka-Pilipinong paninindigan na naging dahilan ng pagkulong sa kanya ng mga Espanyol. Ito nga rin ang dahilan kung kaya siya ang nilapitan nina Cruz at iba pang litrograpo para mamuno sa binuo nilang samahang kooperatiba.[19] Sina Mendoza at de Jesus ang

siya nang namumuno sa impresores sa pagpoprotesta laban sa pang-aabuso ng mga superbisor noon pang 1894. Sa panahon ng mga Amerikano, tinangka pa ni Mendoza na maglabas ng pahayagang nagtataguyod ng interes ng mga Pilipino na kagyat namang sinupil ng mga Amerikano.[20] Si Cruz mismo ang tagapagsalita ng mga tipograpo na nagtatrabaho para sa dyaryo ng rebolusyon - ang *La Independencia*. Dahil dito, tinitingnan ng mga Amerikano na bahagi pa rin ng ahitasyong makabayan ang mga welga at protestang pinamunuan o tinulungan ng UOD at UODF.

Makikita rin ang tuwirang kaugnayan ng kilusang manggagawa sa makabayang usapin nang maging instrumento ito para sa pagpapalabas ng mga sarsuwelang nagtataguyod ng mga makabayan at patriotikong diwa. Pangunahing halimbawa nito ang pagpapalabas ng mga dulang "*Kahapon, Ngayon at Bukas*" ni Aurelio Tolentino, na isang matatag na Katipunerong kasa-kasama na ni Bonifacio, ang "*Hindi Ako Patay*" ni Juan Abad, at ang mga drama ni Juan Matapang Cruz na isa rin sa mga orihinal na Katipunero. Isinulat din, pagkatapos, ni Tolentino ang isang dulang may tatlong-akto - ang "*Bagong Cristo*" na tinawag niyang "drama socialista" na nagpapakita ng kalagayan ng mga manggagawa.[21]

Sinasabing ang dalawang buwang welga ng mga manggagawa sa mga baradero ng Cavite ang unang tinulungan sa pagpapalabas ng sarsuwela. Para makaipon ng pondo, ipinalabas ng UODF ang anti-imperyalistang dulang "*Malaya*". Binuo din ang *Karangalan Company* noong 1903 para ipalabas ang "*Hindi Ako Patay*" para naman sa mga nagwewelgang manggagawa ng perokaril. Samantala, ipinalabas din sa Batangas ang "*Kahapon, Ngayon at Bukas*" ni Tolentino na siya namang naging dahilan ng pagkakulong sa kanya nang magkagulo sa isang pagtatanghal nito sa Maynila.[22] Hindi na rin nakapagtataka ang ganitong ugnayan ng kilusang manggagawa at ng sarsuwela kung aalalahaning sa hanay din ng manggagawa at unyonista nagmumula ang maraming artista ng sarsuwela.[23]



Ulos, 1996

Maging sa Iloilo, ginamit din ang sarsuwela para sa pagsusulong ng pagbabago ng mga manggagawa at iba pang anakpawis. Ito ang naging daluyan ng pagpapalaganap ng diwa ng pagbabago ng mga makabayang dramatista. Ayon kay McCoy, panimulang inspirasyon nito ang naunsyaming nasyonalismo samantalang mataas nitong hangarin ang pagbabagong moral ng mga manggagawa. Namatay na lamang ang sarsuwela ng Iloilo nang lampasan ng namulat na militanteng kilusang manggagawa ang pananaw ng mga makabayang dramatista.[24]

Sa panahong nag-aalab pa ang makabayang diwa at paglaban sa mga Amerikano, hindi mapapasubaliang nagkaroon ng kulay pulitika ang mga pang-ekonomiyang welgang inilunsad ng kilusang manggagawa sa mga unang taon ng dalawampung siglo. Nagsilbi itong daluyan ng protesta laban sa kolonyal na pamamahala. Lalong kapansin-pansin ang katangiang ito kung aalalahaning panahon pa rin ng pag-iral ng

pakikibakang gerilya laban sa pananakop na Amerikano ang panahon ng pag-iral ng UOD at UODF. Wala tayong tuwirang ebidensya ng ugnay at kinalaman ng kilusang manggagawa sa pakikibakang gerilya nina Luciano San Miguel, Faustino Guillermo at Macario Sakay na nagaganap sa paligid ng Maynila. Ngunit maraming di-tuwirang ebidensya para maghinala, gaya nang paghihinala ng mga mismong mananakop .

Halimbawa, ang dramatistang si Tolentino, orihinal na Katipunero at rebolusyonaryo, ay bumuo pa ng Junta de Amigos sa Maynila noong Agosto 1900.[25] Isa itong lihim na yunit gerilya na binuo para dukutin at patayin ang mga traydor sa pakikibaka laban sa mga Amerikano. Ilang manunulat na may ugnay sa kilusang manggagawa tulad nina Pascual H. Poblete, Jose Palma, Valentin Solis, Lope K. Santos, ang kabilang sa itinatag na unang Partido Nasyonalista noong 1901 kung saan kabilang din ang mga unang Katipunero na karamiha'y lumahok sa kilusang gerilya laban sa mga Amerikano - sina Macario Sakay, Francisco Carreon, Aurelio Tolentino, Alejandro Santiago, Domingo Moriones, Aguedo del Rosario, Nicolas Rivera, Salustiano Cruz, Pantaleon Torres, Valentin Diaz, Briccio Pantas.[26]

Mangyari pang hindi pinayagan ng pamahalaang Amerikano ang pag-iral ng isang partidong binuo ng mga kilalang katipunero at maka-Bonifacio pa. Nang muling buhayin ang partidong ito noong Disyembre 1902 pagkaraang hulihin at ikulong sina Sakay at pangunahan ni Santiago ang pagpapaaktibo sa mga grupong gerilya nina Faustino Guillermo at Apolonio Samson (mga orihinal na katipunero rin), naging mga pangunahing lider ng Partido sina de los Reyes at Gomez.

Habang namumuno pa si Gomez sa UODF at Partido Nacionalista, patuloy siyang namagitan sa kapakanan ng mga gerilya. Hiniling niya sa mga pinunong Amerikano na bigyan ng walang pasubaling kapatawaran, isang taong tulong at trabaho ang mga gerilya. Nang mapatay si San Miguel, sinasabing nakuha ng

mga iskawt ang ilang papeles na nagpapakitang tinulungan ni Gomez na makakuha ng abugado ang mga ayudante ni San Miguel na sina Jose Javier at Julian Santos. Si Javier ay miyembro ng UOD at kinatawan ng gerilyang si Sakay sa unang pagpapalabas ng dramang "*Hindi Aco Patay*".[27] Hiniling din ni Gomez ang kapatawaran para kay Guillermo nang mahuli ito at sinentensyahang bitayin. Siya rin ang naging pangunahing tagapamagitan sa pagpapasuko kay Sakay at sa mga kasamahan nito.[28]

Dahil sa ganitong kahigpit na pagkakasangkot ng kilusang manggagawa at ng mga kinikilalang lider nito sa makabayang pulitika, hindi nakapagtatakang maghinala ang konstabularya na lumahok sa mga welga na inorganisa ni de los Reyes noong 1902 na laban sa pamahalaan ang mga grupong gerilya nina Guillermo at Samson.[29] Pinag-ugnay-ugnay ni Heneral Henry T. Allen, pinuno ng konstabularya, ang kilusang manggagawa, ang mga makabayang sarsuwela, ang Partido Nacionalista at ang kilusang gerilya sa kanyang ulat sa Annual Report of the Philippine Commission noong 1903:

> ...Sa Maynila unang ipinalabas ang mga dulang Tagalog na may katangiang napakasedisyoso, bago ipalabas sa mga probinsiya sa pagtataguyod ng naturang partido (Partido Nacionalista ni Gomez)...nilapitan ang mga ladrones(mga gerilya) ng Cavite, Rizal at Bulakan, at marami ang itinalagang miyembro ng partido. Inorganisa at nakipagkaisa sa Partido Nacionalista ang unyon (Union Obrera Democratica) na may kaparehong presidente, si Dr. Dominador Gomez. Nakikipag-ugnayan ang mga grupo ng mga ladrones sa Maynila sa pamamagitan ng mga lokal na presidente ng Partido Nacionalista. Gumawa ng masiglang pagsisikap, ngunit bahagya lamang na matagumpay, na ikonsolida sa dalawang organisasyong nabanggit ang Iglesia Filipina Independiente (kilusang Aglipayano).[30]

Totoo man o hindi ang hinalang ito, talagang may tendensiyang sumanib at magpalakas sa iba pang mga gawaing kontra

establisyemento ang mga welga at protesta ng mga manggagawa sa ganitong kalagayan gaya nang nasaksihan sa nakaraang dalawang dekada ng mga welga at protesta ng mga manggagawa sa ilalim ng batas militar. Ito na nga mismo ang masasabing ambag ng kilusang manggagawa sa kilusang kontra-dayuhang pananakop sa simula ng ikadalawampung siglo, ambag na nagpatuloy sa kasalukuyang panahon.

## ANG KILUSANG MANGGAGAWA SA NAKARAANG 100 TAON

Sa nakaraang isandaang taon, ano na ang nagawa ng kilusang manggagawa? Nagkaroon ba ng katuparan ang mga layunin ng kilusang ipagtanggol ang kapakanan ng mga api at aba sa lipunan? Ano ang kabuluhan ng diwa ng Sentenaryo ng Rebolusyon sa hanay ng mga manggagawa at anakpawis?

Sa kabila ng maraming kahirapang dulot ng panunupil, panghahati at panlilinlang ng mga naghaharing uri sa lipunan, nag-ambag ang kilusang manggagawa sa patuloy na pagtatanggol sa kapakanan ng mga api at aba sa lipunan. Malaking bahagi ngayon ng kilusan ang patuloy na pakikisangkot ng mga manggagawa sa mga usaping pampulitika at panlipunan.

Noon pang panahon ng pamahalaang rebolusyonaryo ni Hen. Aguinaldo lumitaw kung paano tinatrato ng anumang pamahalaang umiral - dayuhan o katutubo man - ang mga manggagawa at ang kilusan nila. Mahalagang balikan ito dahil kahit naganap halos 100 taon na ang nakaraan, ganito pa rin ang pananaw ng mga umiral na pamahalaan.

Nabanggit sa itaas ang welga ng mga manggagawa ng Manila-Dagupan Railway noong Setyembre 1898. Kaugnay nito, nagpalabas ng panawagan si Aguinaldo na nagpapabalik sa trabaho sa mga nagwewelgang manggagawa kahit hindi ibinibigay ang hinihinging

dagdag na suweldo. Noong Setyembre 25 ipinamahagi ang kanyang panawagan laban sa welga at inatasan ang mga pinuno ng mga probinsiya na tiyaking di nagkukulang ng trabahador ang kumpanya ng perokaril.[31]

Ngunit hindi nahinto ang welga. Ang totoo, dumami pa ito gaya nang ipinamalas ng siniping pangungusap sa itaas mula sa gobernador ng Maynila na si Ambrosio Flores. Dalawa ang dahilang ibinigay ni Flores para tutulan ang mga welga - kawalan ng suplay ng mga pangangailangan at di pagbabayad ng buwis ng mga may-ari ng tindahan. Pero may isa pang dahilan na paulit-ulit na ginagamit ng mga pamahalaan at ng mga pinuno nito. Ito ang ikatlong dahilan ni Flores:

> Hindi ba ninyo maunawaan, mga minamahal kong kababayan, na ngayong pinagpapasyahan ang kinabukasan ng ating bayan; ngayong sa atin nakatutok ang mga mata ng buong sibilisadong daigdig para malaman kung nasa atin ang kinakailangang kakayahan at kultura para magsarili-ng-pamamahala at kung kaya nating sapat na garantiyahan ang kaayusan para malikha ang paniniwalang kaya nating pangalagaan ang mga dayuhang interes sa bansa, hindi ninyo ba nakikita, inuulit ko, na sa mismong oras na ito ang mga kaguluhang nililikha ninyo sa mga welgang ito, na di naman alam sa labas ng bansa ang mga kadahilanan, ay maaaring magbigay ng maling impresyon ukol sa lalim ng ating pambansang katauhan?[32]

Ayaw ni Flores ng mga welga gayong siya mismo ang nagsabing nagaganap ang mga ito sa ilalim ng hurisdiksyon ng pamahalaang Amerikano. Sa pagkawala ng kontrol bunga ng digmaan, hindi kaya puwedeng isiping nais lang makamit ng mga nagwewelga ang mga benepisyo ng tagumpay sa pag-aalsa laban sa mga Espanyol at Amerikano? Na nakatulong ang mga welga hindi lamang para sa pagkakamit ng mga kahilingan kundi para rin guluhin ang pamahalaang Amerikano at, samakatuwid, bahagi pa rin ito ng

pangkalahatang paglaban sa dayuhang mananakop? Iba nga ang nais ng pamahalaang Aguinaldo - ang kumbinsihin ang mga dayuhan na ang mga Pilipino ay may "tahimik, maamo at kagalang-galang na katauhan".

Sa kanyang panawagan, nauna na si Aguinaldo kay Flores sa ganitong layunin. Aniya, "ang pagkakaisa natin ay hindi lamang ukol sa mga maliliit na bagay, gaya ng ginawa ninyo, i.e. ang pagtangging magtrabaho, na sumisira sa inyo at sa ating lahat sa mata ng ibang bayan na ngayo'y nagmamatyag sa atin (*our union should not consist in small things, as what you have done, i.e. refusing to go to work, which discredits you and all of us in the eyes of other nations who are now contemplating us.*)"[33]

At katulad din sa kasalukuyang panahon, hindi iniisip ng mga awtoridad na kayang manindigan sa kanilang sarili ang mga welgista. Na gawa-gawa ng mga tagalabas ang pag-aalsa ng mga manggagawa. Dagdag ni Aguinaldo:

> ... Nakikiusap ako sa inyo, mga kapatid, na alisin sa inyong isip ang mga maling ideya na sa palagay ko'y hindi kayo ang nagbuo kundi ipinayo ng ating kaaway para magkaroon ng pagkakataon ang mga dayuhan na punahin tayo. Sa tingin ko rin, bunga ito ng mga masamang intensyon ng mga prayle na lagi nang kahihiyan at kapariwaraan ang hangad para sa atin.[34]

Noon hanggang ngayon, dayuhang sensibilidad ang inaalala at isinasaalang-alang ng mga maykapangyarihan, hindi ang sensibilidad at pangangailangan ng mga manggagawa. Noon hanggang ngayon, itinuturing na nakukuha sa panunulsol ng mga tagalabas ang mga manggagawa, na di sila makapag-isip ng para sa kanilang sarili at lalong di sila makakilos nang walang tagalabas na mag-uudyok sa kanila. Ganito tinatrato ng mga maykapangyarihan ang mga manggagawang walang kapangyarihan.

Sa kabila nito, patuloy ngang nag-ambag ang kilusang manggagawa hindi lamang sa pagtatanggol ng kapakanan ng mga manggagawa kundi ng buong bayan. Sa buong panahon ng pananakop ng mga Amerikano, halimbawa, ibinandila ng kilusan ang pakikibaka para sa kalayaan ng Pilipinas. Dinala ito ng UOD noong mga unang taon ng dekada 1900, ng *Congreso Obrero de Filipinas* (COF) noong mga dekada 1910-1920 at ng *Katipunan ng mga Anak-Pawis sa Pilipinas* (KAP) noong dekada 1930. Noon taong 1930 mismo, binuo ng mga unyonista at mga lider-magsasaka ang *Partido Komunista ng Pilipinas* (PKP) na nagbandila hindi lamang ng kalayaan ng mga manggagawa sa lahat ng uri ng pagsasamantala kundi masigasig ding nagtaguyod ng kalayaan ng bansa mula sa mananakop na Estados Unidos.

Sa pananakop ng mga Hapon noong simula ng dekada 1940, lumahok sa pakikibakang gerilya ang mga manggagawa. Ang pangunahing unyonista ng mga dekada 1920-1930 at tagapagtatag ng PKP, si Crisanto Evangelista, ang isa sa mga unang nagbuwis ng buhay sa kamay ng mga mananakop na Hapon. Kasama ang mga kapanalig nilang magsasaka sa Gitna at Timog Luson, binuo ng mga manggagawa ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap) bilang hukbo ng pagtatanggol laban sa bagong mananakop.

Nang lumaya ang Pilipinas noong 1946, binuo ng mga manggagawa ang *Congress of Labor Organizations* (CLO) hindi lamang para ipagtanggol ang kapakanan ng mga manggagawa. Isa rin ito sa mga nanguna sa kampanya laban sa mga kolaboreytor at sa pagbibigay ng *parity rights* sa mga Amerikano. Bunga ng pagiging militante nito, sinupil ito ng pamahalaan sa udyok ng Estados Unidos. Ang mga pangunahing lider nito kagaya nina Manuel Joven , Amado V. Hernandez, Mariano Balgos at Guillermo Capadocia ay pinatay, ikinulong o kaya ay namundok at sumanib sa nagrebeldeng Huk. Bunga ng pagwasak sa CLO, lumitaw ang ibang samahang

manggagawa na umakay sa mga kaanib nito sa purong pakikibakang pangkabuhayan.

Hindi nagtagal, gayunman, noong dekada 1960 muling bumangon ang kilusang manggagawa na aktibo hindi lamang sa mga usaping pangkabuhayan kundi, gayundin, sa mga usaping pampulitika at panlipunan. Sumabay sa pag-unlad ng kilusang estudyante-kabataan ang mga manggagawa sa pagkakabuo ng Katipunan ng mga Samahang Manggagawa (KASAMA). Bagaman maliit, naging ubod ito ng mga militanteng manggagawa na naging aktibo sa paglaban sa batas militar noong dekada 1970-1980.

Mula sa welga ng La Tondena noong Oktubre 1975 at sa pagkakabuo ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino (Bukluran) ng taon ding ito hanggang sa itatag at lumakas ang Kilusang Mayo Uno (KMU) noong dekada 1980, nasa unahan ng pakikibakang anti-diktadura ang kilusang manggagawa. Kahit na sa Pag-aalsang EDSA, aktibong kalahok ang mga manggagawa mula sa iba't ibang unyon, pederasyon at sentrong pang-unyon. Organisado at di-organisado, kasama sila ng ibang mamamayan na nagpatalsik sa diktadura.

Maningning ang rekord ng kilusang manggagawa sa pagtatanggol sa kapakanan ng mamamayan mula sa Rebolusyong 1896 hanggang sa Pag-aalsang EDSA ng 1986. Sa kabila nito, hindi natatanggap ng mga manggagawa ang kasaganaang dapat nilang tamasahin. Nananatiling walang makain ang lumilikha ng pagkain, walang matirhan ang mga gumagawa ng bahay at palasyo, walang damit ang mga gumagawa at humahabi ng kasuotan. Nananatiling dahop ang nag-aakyat ng yaman sa kabang bayan.

Tunay na malaki pa ang kailangang pagpunyagian ng mga mangagawa upang isulong ang kanilang katiwasayan. Ngunit hindi ito ang dahilan para hindi magdiwang sa sentenaryo ng kilusang manggagawa. Gaya nang naipakita, may malaking dahilan ang mga

manggagawa para magdiwang sa sentenaryo ng rebolusyon. Ang dinadakilang diwa ng sentenaryo ng Rebolusyon ay siya ring diwa ng sentenaryo ng kilusang manggagawa. Ang laki ng kanilang naiambag sa kapakanan ng buong bayan ay hindi mapapasubalian.

## MGA TALA

[1] Tingnan sina Jonathan Fast at Jim Richardson, ***Roots of Dependency*** (Quezon City: Foundation for Nationalist Studies, 1979).

[2] Si Daniel Maramba sa Pangasinan, sina Francisco del Castillo, Candido Iban at Valeriano Dalida sa Aklan, ang Tagalog na si Elias Angeles sa Nueva Caceres, si Leon Kilat sa Cebu, ang mga Enriquez (Anacleto at Vicente) sa Bulacan, si Alberto Bautista sa Nueva Ecija, si Juan Castillejos sa Batanes at maraming iba pa - lahat sila ay naugnay sa Katipunan sa Maynila. Pagkatapos, bumalik o nagtungo sila sa mga bayang nabanggit para magbuo ng Katipunan at maglunsad ng himagsikan.

[3] Aguedo del Rosario, *"The Katipunan of 1896,"* Appendix C, ***Minutes of the Katipunan*** (Manila: National Historical Institute, 1978), pp. 117 -118.

[4] William Henry Scott, ***The Union Obrera Democratica, First Filipino Labor Union*** (Quezon City: New Day Publishers, 1992), p.6.

[5] Scott, p. 9.

[6] Manuel Artigas y Cuerva, ***Andres Bonifacio y El Katipunan*** (Manila: Imprenta de "La Vanguardia", 1911), p.29.

[7] Gregorio Zaide, ***History of the Katipunan*** (Manila: Loyal Press, 1939), p.49.

[8] Teodoro Agoncillo, ***Revolt of the Masses*** (Quezon City: University of the Philippines, 1956), pp.139-140.

[9] Demy P. Sonza, "General Francisco del Castillo and the 19 Martyrs of Aklan," ***Visayan Fighters for Freedom*** vol. 1 (Iloilo: Agustin Sonza and Sons, 1962), pp.1-9; at E. Arsenio Manuel, "Candido Iban", ***Dictionary of Philippine Biographies*** (Quezon City: Filipiniana Publications, 1955), pp.227-229.

[10] Jose R. Quisumbing, ***Leon Kilat and the Cebu Revolution of 1898*** (Cebu City: S & G Printers, 1991), pp.15-16.

[11] Peter Schreurs MSC, ***Angry Days in Mindanao*** (Cebu City: University of San Carlos, 1987), pp.15-16.

[12] Luis C. Dery, ***From Ibalon to Sorsogon A Historical Survey of Sorsogon Province to 1905*** (Quezon City: New Day Publishers, 1991), p.160.

[13] Dery, p.164.

[14] Quisumbing, pp.6-8.

[15] May manipestasyon ito sa mga pangyayari sa kagyat na nakaraan. Sa pagpapahina ng kontrol ng diktadurang Marcos, malaki ang naitulong ng mga welga ng mga manggagawa noong 1975-1976, 1980-1982 at 1984-1986. Sa pagkakamit ng mga benepisyo mula sa tagumpay ng pakikibakang anti-diktadura kung saan mahalaga silang bahagi, inilunsad ng mga manggagawa ang maraming welga noong 1986 sa ilalim ng pamahalaang Aquino. Tingnan ang Dante L. Ambrosio, "Militanteng Kilusang Manggagawa sa Kamaynilaan: 1972-1982, MA tisis sa Kasaysayan, UP, 1992).

[16] John. R. M. Taylor, ***The Philippine Insurrection Against the United States***, vol. 3 (Pasay City: Eugenio Lopez Foundation, 1971), p.378. Ganito ang sipi sa Inggles:

> One day the operatives of the tobacco factory "La Insular: another, domestic servants; later, teamsters and tramway conductors; again, the operatives of the railway and those of one or another private company or establishment, kept dropping off from their work for some reason or on some pretext; and at last even the cattle brokers failed to send their stock to the slaughterhouses, or to furnish meat to the markets, the neighborhood thus suffering from the want of being deprived of this article of prime necessity, whereupon the shopkeepers refused to pay their usual taxes, all stating that they were being subjected to very high tariffs.

[17] Scott, pp. 35-41.

[18] Melinda Tria Kerkvliet, ***Manila Workers' Unions 1900-1950*** (Quezon City: New Day Publishers, 1992), p.13.

[19] Herminigildo Cruz, "Apuntes sobre la Union Obrera Democratica," ***La Redencion del Obrero*** (December 17, 1903), p.41.

[20] Manuel, "Juan Abad", pp.1-2.

[21] Edna Zapanta-Manlapaz, Aurelio Tolentino ***Selected Writings*** (Quezon City: UP Library, 1975), p.6.

[22] Scott, pp. 68-69.

[23] Ang mga artista ni Abad, halimbawa, ay kinabibilangan nina Nemesia

Rivera, isang tabaquera; Angel Esguerra at Basilio Lanuza, mga tabaquero; Juan Ignacio, isang sapatero; Faustino Salomon at Basilio Batara, mga manggagawa sa imprenta (Manuel, "Juan Abad", p.4).

[24] Alfred McCoy, "Culture and Consciousness in a Philippine City," ***Philippine Studies*** vol. 30 (Second Quarter 1982), pp.161-162.

[25] Manuel, "Aurelio Tolentino", vol. 2, p.374.

[26] Orlino Ochosa, Bandoleros ***Outlawed Guerrillas of the Philippine-American War 1903-1907*** (Quezon City: New Day Publishers, 1995), pp.86, 88.

[27] Jane Schlicter Ragsdale, "*Coping with the Yankees The Filipino Elite 1898-1903*" (Disertasyong PhD, University of Wisconsin, 1974), p.461.

[28] Antonio K. Abad, *Macario Sakay Was He a Patriot or a Bandit?* (Manila: B. Feliciano and Sons, 1955).

[29] Ochosa, p.93.

[30] Ochosa, p.25. Narito ang sinipi sa wikang Inggles:

> ... Tagalog dramas of highly seditious nature were produced at first in Manila, subsequently in the provinces under the auspices of the said party (NP of Gomez)...The ladrones bands of cavite, Rizal and Bulacan were approached, and many were duly installed as members of the party. The labor union (Union Obrera Democratica), with the same president, Dr. Dominador Gomez, was also organized and practically united with the Nationalist Party. The ladrone bands communicated with Manila through the local presidents of this Nationalist Party. A vigorous effort was made, but with only partial success, to have the Independent Filipino Church (Aglipayan movement) consolidate with these two organizations just mentioned.

[31] Taylor vol. 3, pp.360-361.

[32] Taylor vol. 3, pp.378-379. Ganito ang sipi sa Ingles:

> Furthermore, can you not understand, my beloved compatriots, that at this time when the future of our country is being decided; when the whole civilized world has its eyes fixed upon us to see if we possess the requisite ability and culture for self-government, and if we sufficiently guarantee order to create the belief we can protect foreign interests in our country, can you not see, I repeat, that at this precise moment the disturbances you cause by these strikes, your reasons not being known to

> the outside world, may give rise to false impressions concerning the depth of our national character?

[33] Taylor vol. 3, pp.360-361.

[34] Taylor vol. 3, p.361. Ganito ang sipi sa Ingles:

> ... I beg you, my brethren, to put away from your minds those wrong ideas which were not, I think, conceived by yourselves, but advised by our enemy in order that the foreigners may have occasion to criticize us. It also seems to me that they are a result of the bad intentions of the Friars who always desire our disgrace and misfortune.